# "Kami noon ay nagsasagawa ng `azl samantalang ang Qur'ān ay bumababa." Nagsabi si Sufyān: "Kung nangyaring may isang bagay na ipinagbabawal, talagang pinagbawalan na sana kami niyon ng Qur'ān."

Ayon kay Jābir bin Abdillāh, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na nagsabi: "Kami noon ay nagsasagawa ng `azl samantalang ang Qur'ān ay bumababa." Nagsabi si Sufyān: "Kung nangyaring may isang bagay na ipinagbabawal, talagang pinagbawalan na sana kami niyon ng Qur'ān."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid ni Jābir bin Abdillāh, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na sila noon ay nagsasagawa ng `azl sa mga maybahay nila at mga alipin nila sa panahon ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at inayunan naman niya sa kanila iyon. Kung sakaling iyon ay hindi ipinahihintulot, hindi na sana niya inayunan iyon. Para bang sinasabi sa kanya: "Marahil hindi nakaabot sa kanya ang ginagawa ninyo?" kaya nagsabi siya: "Kapag hindi nakaabot sa kanya, tunay na si Allāh, mapagpala Siya at pagkataas-taas, ay magpapaalam sa kanya habang ang Qur'ān ay ibinababa. Kung sakaling ito ay kabilang sa ipinagbabawal, talagang pinagbawalan na sana siya ng Qur'ān at talagang hindi na sana kami inayunan ng tagapagbatas." Ang pag-uugma sa mga teksto: Ang ḥadīth ayon kay Jābir ay nagsasaad ng pagpapahintulot sa `azl ngunit may mga ibang ḥadīth na nasaad na mauunawaan mula sa mga ito ang hindi pagpapahintulot ng `azl. Halimbawa ang isinaysay ni Imām Muslim ayon kay Judhāmah bint Wahb. Sinabi nito: "Dumalo ako sa Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa mga tao at tinanong nila siya tungkol sa `azl kaya nagsabi siya: "Iyon ang patagong paglilibing ng buhay." Papaano maaaring pagtugmain ang mga tekstong ito? Ang pangunahing panuntunan ay ang pagpapahintulot gaya ng nasa ḥadīth ayon kina Jābir at Abū Sa`īd, malugod si Allāh sa kanilang dalawa. Ang ḥadīth ayon kay Judhāmah ay maipakahuhulugang kapag ninais sa `azl ang pag-iingat sa pagkakaroon ng anak, at nagpapatunay rito ang sabi niya niya: "Iyon ang patagong paglilibing ng buhay;" o ang `azl ay kinasusuklaman hindi ipinagbabawal.